Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAISAHAN KAUNLARAN KARUNUNGAN 25

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-11
Serye 2016

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA AKLATANG BALAGTAS

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104 na mandato ng KWF na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na hinihirang ang Aklatang Balagtas sa Wawa, Udyong, Bataan bilang isa sa mga pilîng aklatan na pagkakalooban ng KWF ng mga publikasyon nitó;

IPINAPASIYA pa, na maglalaan ang Komisyon ng isang komplimentaryong kopya ng bawat titulo sa Aklat ng Bayan ng KWF, at tatlong komplimentaryong kopya ng mga babasahin, pamplet, brosyur, at iba pang katulad nitó, upang ilagak sa Aklatang Balagtas.

IPINAPASIYA din, na magbibigay ng kaukulang suporta ang KWF sa Aklatang Balagtas sa pamamagitan ng pagkampanya sa mga pabliser at mga awtor na magbigay ng donasyong libro para sa nabanggit na aklatan;

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ang KWF ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng gawaing ito.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TANGGAPAN
Petsa: 2/05/16
Ni:

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-11
Serye 2016

KOM. PURIFICACION DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad